


3 KALIGTASAN, KATIWASAYAN

(1) Kaligtasan sa Komunidad (Pagsugpo sa krimen, Kaligtasang pantrapiko)

Para sa pagtawag ng emergency sa pulis dahil sa insidente at aksidente, i-dial ang “110.” Tumutugon sa mga himpilan ng pulis sa mga katanungan, konsultasyon kaugnay sa pagsugpo sa krimen.

Hiroshima Prefectural Police Himpilan ng pulis
Homepage: <https://www.pref.hiroshima.lg.jp/site/police/ps-index.html>



Si Maple-kun, mascot ng Hiroshima Prefectural Police

Si Moshika, mascot ng kilusan ng sama-samang residente ng prefecture “Herasō Hanzai (Bawasan ang krimen)”


(2) Pag-iwas sa Sakuna

① Impormasyon kaugnay sa pag-iwas sa sakuna

Upang mapangalagaan ang sarili mula sa likas na sakuna, nagbibigay sa “Hiroshima-ken Bōsai (Pag-iwas sa sakuna sa Hiroshima prefecture) Web” ng kailangang impormasyon tulad ng datos ng dami ng ulan at kalagayan ng pagmamasid ng taas ng tubig sa mga ilog, impormasyon sa panahon, impormasyon sa paglikas, lugar na paglilikasan at iba pa sa loob ng prefecture.

Nakalathala sa iba’t ibang wika ang libreto ng pagpukaw sa kaalaman tungkol sa pag-iwas sa sakuna “Minna de nakayoku manabousai!! (Pag-aralan nating lahat (ang pag-iwas sa sakuna))” kung saan pinagsama ang tungkol kung anong mga sakuna ang nagaganap at ano ang mabuting ihanda para sa sakuna.

- ◆Hiroshima-ken Bōsai (Pag-iwas sa sakuna sa Hiroshima prefecture) Web
Homepage: <http://www.bousai.pref.hiroshima.jp/hdis/>
- ◆Minna de nakayoku manabousai!! (Pag-aralan nating lahat (ang pag-iwas sa sakuna)) sa iba’t ibang wika
Homepage: <http://www.pref.hiroshima.lg.jp/soshiki/4/manabousai.html>



② Pag-uulat sa oras ng emergency

Kapag hihiling ng bumbero o ambulansya dahil sa sunog, biglang pagkakasakit, pinsala sa katawan at iba pa, i-dial ang “119.” Ikokonekta sa himpilan ng bumbero ang nag-dial ng “119.”

Tumutugon din sa mga himpilan ng bumbero sa konsultasyon sa mga kasangkapan laban sa sunog tulad ng pampatay ng apoy at iba pa, pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna, at iba pa.

Para sa mga katanungan

Punong himpilan (Kawanihan) ng
bumbero sa loob ng prefecture

